

SAINT VINCENT, DEACON AND MARTYR

PATRON SAINT OF VINTNERS, BRICKMAKERS, AND SAILORS

There are a few famous saints who bear the name Vincent. Today's saint is the first Vincent. He was a deacon from the Roman town of Zaragoza, Spain. Zaragoza also hosts a famous shrine to Our Lady of the Pilar based on an appearance of the Virgin Mary there so ancient that it is more precisely described as a bilocation. Saint Vincent certainly knew of this devotion in his own town. Though an early saint, then, he came from a city that, even in 300, already could brag of a mature Christian tradition.

As with so many martyrs whose names are known to us, Vincent died in the persecution of Diocletian, the last gasps of a dying paganism. Vincent and his Bishop were imprisoned around the year 303 and taken in chains to the city of Valencia on the Spanish coast. The Bishop was exiled but Vincent was subjected to such cruel and varied tortures that he died of his wounds. Tradition says that the faithful came to his cell during his sufferings seeking relics, dipping cloths into his bloody wounds.

Although pious oral traditions led medieval authors to embroider some of the details of the Church's early saints and martyrs, the core facts of these narratives always have support. In Vincent's case, no less an authority than Saint Augustine himself gave homilies on Saint Vincent which have been



preserved. And Augustine states in these homilies that as he is speaking he has the official acts recounting Vincent's martyrdom right in front of him. That anecdote is a wonderful proof of how widespread devotion to Vincent was in the early Church, even far from where he died.

Ordained permanent deacons disappeared from the life of the church for many centuries, only to be reintroduced in the decades after the Second Vatican Council. Yet deacons' key roles role in preaching, serving the poor, evangelizing, and acting as delegates of their bishops is clear from the Acts of the Apostles and Saint Paul's letters. As early as the second century after Christ the three Orders constituting the Sacrament of Holy Orders were already clearly identified and theologically developed, especially in the letters of Saint Ignatius of Antioch. Ignatius saw each Order as participating, in a different way, in the one priesthood of the High Priest Jesus Christ.

It must be remembered that Vincent was a Deacon and was imprisoned along with the Bishop who ordained him. He must have understood the harmony and interdependence that God intended to exist among Deacons, Priests, and Bishops. This emphasis on Sacramental Orders underlines the fact that although early Christians may may have experienced more astounding gifts of the Holy Spirit than later Christians, it was still a living connection to an Apostle, not a personal charism, that authenticated and guaranteed one's participation in the true body of Christ. Gifts were personal and private. They came and went. They could not be verified or even shared. But each Bishop was linked to an apostolic see, and bishops publicly ordained priests and deacons to share the duty to teach, govern, and sanctify the baptized. There was nothing private about any of that. Early Christianity was not a haphazard grouping of people who loved Jesus. It received a hierarchical structure from Christ Himself and immediately perpetuated, and built upon, Jewish forms of religious community life. The Church's hierarchical community life continues today. Saint Vincent undoubtedly saw his ordination as a form of service, not power. He was undoubtedly a man of great importance to his Bishop. He likely gave generous witness to the Faith before he offered up his earthly life for a richer life beyond the grave.



St. Vincent, help all deacons to know, love, and serve God with all their heart, soul and mind. Few people are called to be tortured for the faith as you were, but suffering may come in more subtle ways. Help us to persevere in the face of whatever persecutes us, so that such challenges deepen our trust in God.

MYCATHOLIC.LIFE

Ika-22 ng Enero, Sabado II

SAN VICENTE,
DIYAKONO AT MARTIR

Panalangin Sa Umaga

PASIMULA

Panginoon, buksan mo ang ating mga labi.
At pupurihin ka ng aking bibig.

PAANYAYA SA PANALANGIN ANTIPONA

Makinig tayo sa tinig ng Diyos, at pumasok sa kanyang lupang pangakong inilaan.

Salmo 95

Tayo ay lumapit sa 'ting Panginoon, Siya ay awitan,
Ating papurihan ang batong kublihan nati't kalakasan.
Tayo ay lumapit sa kanyang harapan na may pasalamat,
Siya ay Purihin ng mga awiting may tuwa at galak. *(Antipona)*

Sapagkat ang Diyos ay ang Panginoong napakadakila,
Ang dakilang Haring higit sa sinuman na binabathala.
Nasa kanyang palad ang buong daigdig. pati kalaliman,
Ang lahat ay kanya maging ang mataas nating kabundukan.
Kanya rin ang dagat at pati ang lupa na kanyang nilalang. *(Antipona)*

Tayo ay lumapit, sa kanya'y sumamba at magbigay-galang,
Lumuhod sa harap nitong Panginoong sa ati' y lumalang.
Siya ang ating Diyos, tayo ay kalinga niyang mga hirang,
Mga tupa tayong inaalagaan. *(Antipona)*

Ang kanyang salita ay ating pakinggan:
"Iyang inyong puso'y huwag patigasin,
Tulad ng ginawa ng inyong mga magulang
Nang nasa Meriba, sa ilang ng Masa.
Ako ay tinukso't doon ay sinubok ng inyong magulang,
Bagamat nakita ang aking ginawang sila' ng nakinabang. *(Antipona)*

Apatnapung taon, sa inyong ninuno ako ay nagdamdam,
Ang aking sinabi, "Sila ay suwail, walang pakundangan
At ang mga utos ko ay sinuway!"
Dahil sa galit ko, ako ay sumumpang di sila daratal,
Sa lupang pangakong aking inilaan." *(Antipona)*

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo;
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen. *(Antipona)*

AWIT

Si Kristo ang Liwanag, at wala nang iba pa,
'Sinilang sa 'ting mundo, at naging kapatid s'ya;
Kung nakita na siya, nakita na ang Ama,
Purihin ang ating D'yos, at dakilain natin s'ya!

S'ya ang Kapayapaan, at wala nang iba pa,
Ang may galit sa kapwa'y di maaring lingkod n'ya.
Sino pa'ng mag-uugnay upang mapasa Ama.
Purihin ang ating Diyos, at dakilain natin s'ya!

Siya ang ating Buhay, at wala nang iba pa,
'Pinagbili nang mura, inaba't pinatay s'ya;
Siya'ng tumubos sa 'tin, nasa kanan ng Ama,
Purihin ang ating Diyos, at dakilain natin s'ya!

MGA ANTIPONA AT SALMO

Antipona 1: Sa pagdating ng umaga, pinupuri namin ang iyong habag, Panginoon, at ang gabi'y makatatagpo sa aming naghahayag ng iyong katapatan.

Salmo 92

(Pagpupuri sa Diyos na Manlilikha)

Ang magpasalamat sa PANGINOONG Diyos ay mabuting bagay,
Umawit na lagi, purihin ang ngalang Kataas-taasan.
Pag-ibig n'yang wagas ay dapat ihayag, kung bukang-liwayway,
Pagsapit ng gabi, ang katapatan n'ya'y ihayag din naman.
Ito'y ipahayag sa saliw ng alpa't tugtuging salteryo,
Sa magandang himig ng tugtuging lira'y ipahayag ito.

Ako'y nagagalak sa iyong ginawa na kahanga-hanga,
Sa lahat ng ito, ako'y umaawit dahilan sa tuwa.
O pagkadakila! Kay dakila, PANGINOON, ng iyong ginawa,
Ang iyong isipan ay sadyang mahirap naming maunawa.
Sa pahat na isip, ang bagay na ito ay di nalalaman,
Hindi malilirip ni mauunawa ng sinumang mangmang.

Ang mga masama, kahit na dumami, sila ma'y umunlad,
Yaong sasapitin nila't hahantungan ay pagkapahamak;
Sapagkat ikaw lang, PANGINOON, ang dakila't walang makatulad.
Nababatid naming lilipuling lahat ang iyong kaaway,
At lahat ng taong masama ang gawa ay mapipilan.

Ako'y ginawa mong sinlakas ng torong mailap sa gubat,
Ako'y pinagpala't pawang kagalakan yaong dinaranas.
Aking nasaksihan yaong pagkalupig ng aking kaaway,
Pati pananaghoy ng mga masama'y aking napakinggan.
Katulad ng palma, ang taong matuwid tatatag ang buhay,
Parang mga sedro, kahoy sa Libano, lalagong mainam.

Parang punong-kahoy na doon natanim sa tahanan ng Diyos,
Sa banal na templo, ito ay lalago na nakalulugod.
Tuloy ang pagbunga kahit na ang punong ito ay tumanda,
Luntia't matatag, at ang dahon nito ay laging sariwa.
Ito'y patotoo na ang Panginoo'y tunay na matuwid,
Siya kong sanggalang, matatag na batong walang bahid dungis.

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 1: Sa pagdating ng umaga, pinupuri namin ang iyong habag, Panginoon, at ang gabi'y makatatagpo sa aming naghahayag ng iyong katapatan.

Antipona 2: Kilalanin ang kadakilaan ng ating Diyos.

Awit: Deuteronomio 32:1-12

(Ang kabutihan ng Diyos sa kanyang bayan)

Dinggin mo ako, O langit; pakinggan mo ako, O lupa.
Itong aking mga aral; matulad nawa sa ulan,
Nagpapasariwa sa damo; bumubuhay sa halaman.

Ang ngalan ng PANGINOON ay aking pupurihin
At ang inyong itutugon, "Dakila ang Diyos namin!"
Siya ang Bato, manlilikha,
Walang kapintasan ang lahat niyang gawa,
Matuwid ang lahat niyang kilos.
Siya ay tapat, walang pagkukulang,
Makatarungan at mat'wid.

Sila'y nagpakasama.
Dahil dito'y di na sila marapat tawaging anak,
Isang lahing tampalasan at balakyot.
Iyan pa ba ang igaganti ninyo sa PANGINOON,
Kayong mga haling at mga walang isip?
Di ba siya ang ama ninyong lumikha sa inyo,
At gumawa sa inyong isang bansa?

Alalahanin ninyo ang mga nakaraang araw,
Ang panahon ng inyong mga ninuno.
Itanong n'yo sa inyong mga ama, at ilalahad sa inyo.
Gayon din sa matatanda, at kanilang isasaysay.

Nang hatiin ng Diyos itong sangkalupaan
At pagbukud-bukurin ang mga bayan,
At nang itakda niya ang mga hangganan,
Nasaisip na niya ang Israel na kanyang bayan.
Pagkat ito ang bayan na kanyang hinirang,
Si Jacob na itinanging maging kanya lamang.

Sila'y natagpuan niya sa ilang,
Lupaing halos walang mabuhay na halaman.
Sila'y kinandili at pinatnubayan
Nang buong tiyaga at pagmamahal.

Sila'y parang mga inakay, tinuruang lumipad,
Sinusubaybayan mula sa itaas.
Minsa'y sinasalo ng makapangyarihang pakpak,
Tulad ng ginagawa ng agila sa kanyang mga anak.
Tanging ang PANGINOON ang pumatnubay
At walang ibang diyos na tumulong sa kanila.

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 2: Kilalanin ang kadakilaan ng ating Diyos.

Antipona 3: Kahanga-hanga ang iyong ngalan, Panginoon, sa lahat ng sangnilikha.

Salmo 8

(Ang Diyos ay maringal at ang tao'y marangal)

Ikaw, O PANGINOON, Diyos namin,
Laganap sa lupa ang iyong luningning,
At hanggang sa langit laging pupurihin.

Aawitang lagi niyong mga bata,
Na wala pang malay at sariling diwa.
Matibay na muog ikaw ay naghanda
Laban sa kaaway, kalabang masama.

Ang likha mong langit, kung aking pagmasdan,
Pati mga tala, bituin at buwan;
Ano nga ang tao upang 'yong alalahanin?
Ay ano nga siya na sukat mong kalingain?

Nilikha mo siya, na halos kapantay
Ng iyong luningning at kadakilaan!
Pinamahala mo sa buong daigdig,
Sa lahat ng bagay malaki't maliit;

Mga baka't tupa, hayop na mabangis
At lahat ng ibong nasa himpapawid,
At maging sa isda, sa 'lalim ng tubig.

Sa buong daigdig, ikaw PANGINOON namin,
Ang banal mong ngalan ay dadakilain!

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 3: Kahanga-hanga ang iyong ngalan, Panginoon, sa lahat ng sangnilikha.

MAIKLING PAGBASA NG SALITA NG DIYOS *(Roma 12:13-21)*

Tumulong kayo sa pangangailangan ng mga kapatid. Ibukas ninyong lagi ang inyong pinto sa mga taga-ibang lugar. Idalangin ninyo ang mga umuusig sa inyo — idalanging pagpalain at huwag sumpain. Makigalak kayo sa mga nagagalak, makitangis sa mga tumatangis. Magkaisa kayo ng loobin. Huwag kayong magmataas, kundi makisama sa mga aba. Huwag ninyong ipalagay na kayo'y napakarunong. Huwag ninyong gantihin ng masama ang masama.

Sikapin ninyong mamuhay nang marangal sa lahat ng panahon. Hangga't maaari, makisama kayong mabuti sa lahat ng tao. Mga minamahal, huwag kayong maghiganti; ipaubaya ninyo iyon sa Diyos. Sapagkat nasusulat, "Akin ang paghihiganti, ako ang gaganti, sabi ng Panginoon." Kaya, "Kung nagugutom ang iyong kaaway, pakanin mo; kung nauuhaw, painumin mo; sa gayon, mapapahiya siya sa kanyang sarili." Huwag kang padaig sa masama, kundi daigin mo ng mabuti ang masama.

TUGUNAN

Aking kagalakan, O Diyos, ang ikaw'y purihi't awitan.
— Aking kagalakan, O Diyos, ang ikaw'y purihi't awitan.

Ang umawit habang ang kagandahang-loob mo'y pinagninilayan,
— ang ikaw'y purihi't awitan.

Papuri sa Ama, at sa Anak at sa Espiritu Santo.
— Aking kagalakan, O Diyos, ang ikaw'y purihi't awitan.

PAPURING AWIT NI ZACARIAS

Antipona: Panginoon, patnubayan mo kami sa daan ng kapayapaan.

Purihin ang Panginoong Diyos ng Israel!
Sapagka't nilingap niya at pinalaya ang kanyang bayan.

At nagpadala siya sa atin ng isang makapangyarihang Tagapagligtas,
Mula sa lipi ni David na kanyang lingkod.

Ipinangako niya sa pamamagitan ng kanyang banal na propeta noong una,
Na ililigtas niya tayo sa ating mga kaaway,
At sa kamay ng lahat ng napopoot sa atin.

Ipinangako rin niya na kahahabagan ang ating mga magulang,
At aalalahanin ang kanyang banal na tipan.

Iyan ang sumpang binitiwan niya sa ating amang si Abraham,
Na ililigtas tayo sa ating mga kaaway,
Upang walang takot na makasamba sa kanya,
At maging banal at matuwid sa kanyang paningin, habang tayo'y nabubuhay.

Ikaw naman, anak, ay tatawaging propeta ng Kataas-taasan;
Sapagka't mauuna ka sa Panginoon upang ihanda ang kanyang mga daraanan,
At ituro sa kanyang bayanang landas ng kaligtasan,
Ang kapatawaran ng kanilang mga kasalanan.

Sapagka't lubhang mahabagin ang ating Diyos;
Magbubukang-liwayway sa atin ang araw ng kaligtasan.
Upang magbigay-liwanag sa mga nasa kadiliman at nasa ilalim ng kamatayan,
At patnubayan tayo tungo sa daan ng kapayapaan.

(Dadasalin ang Papuri at uulitin ang Antipona)

PANGKALAHATANG PANALANGIN

Ipagdiwang natin ang kabutihan at karunungan ni Kristo. Siya ang nag-aalay ng pag-ibig at pang-unawa sa lahat ng tao, lalo na sa mga nagdurusa. Dumalangin tayo sa kanya:

Gawing ganap kami sa pag-ibig, Panginoon.

Sa umagang ito ay inaalala namin ang iyong pagkabuhay,
— at inaasam ang biyayang dulot ng kaloob mong kaligtasan.

Tulutang kami'y maging saksi mo, Panginoon, sa araw na ito,
— at makapag-alay ng kaaya-ayang handog sa Ama sa pamamagitan mo.

Bigyan kami ng paningin na makita ang iyong larawan sa lahat,
— at sa pamamagitan nila'y mapaglingkuran ka nang tapat.

Panginoong Hesus, ikaw ang tunay na puno ng ubas at kami ang mga sanga,
— pahintulutan mo kaming manatili sa iyo upang mamunga nang sagana at makapagbigay-papuri sa Ama..

AMA NAMIN

PANGWAKAS NG PANALANGIN

Ama makapangyarihan,
mag-umapaw nawa sa amin ang iyong Espiritu
upang ang aming puso ay matigib ng pag-ibig
mo na sanhi ng pananaig ng martir na si SAN VICENTE
noong ang katawan niya'y pinapasakitan
ng mga umuusig.
Iniluluhog namin ito sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
Amen.

PAGHAYO

(Kung may pari o diacono)

Sumainyo ang Panginoon
at sumaiyo rin.

Pagpalain kayo ng Makapangyarihang Diyos Ama, Anak at Espiritu Santo.
Amen.

(Kung walang pari o diacono)

Pagpalain nawa tayo ng Panginoon, iligtas tayo mula sa lahat ng kasamaan
at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.
Amen.

Ika-23 ng Enero, Linggo III

IKA-3 LINGGO SA KARANIWANG PANAHON

Panalangin sa Takipsilim (I)

PASIMULA

O Diyos, halina at ako'y tulungan.
O Panginoon, magmadali ka sa iyong pagdamay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

AWIT

Ngayo'y pasalamatan ang D'yos na mapagmahal
Ng ating mga tinig, ng puso't mga kamay,
Nilikha n'ya ang lahat, pagmamahal ang alay,
Ating natatamasa, hanggang kasalukuyan.

Ang mapagpalang Diyos, lagi nawang kapiling
Upang puso'y magalak, payapang sasaatin,
Panatilihing tapat, sa lungkot ay akayin,
At ilayo sa sala, hanggang langit ay kamtin.

Papuri't pasalamat, sa 'ting D'yos na Maykapal,
Sa Ama at sa Anak, sa Espiritung Banal;
Sila ang naghahari, iisang Diyos lamang,
Walang hanggang pagsamba, sa lupa't kalangitan.

MGA ANTIPONA AT SALMO

Antipona 1: Mula sa pagsikat hanggang sa paglubog ng araw, ang ngalan ng Panginoon ay papupurihan.

Salmo 113

(Purihin ang ngalan ng Panginoon)

Purihin ang PANGINOON!
Dapat na magpuri ang mga alipin,
Ang ngalan ni Yahweh ay dapat purihin.
Ang kanyang pangalan ay papupurihan,
Magmula ngayo't magpakailanman,
Buhat sa silangan, hanggang sa kanluran,
Ang ngalan ng PANGINOON, pupurihing tunay.

Siya'y naghahari sa lahat ng bansa,
Lampas pa sa langit ang pagkadakila.
Walang makatulad ang Panginoong Diyos,
Na sa kalangitan doon naluluklok;
Buhat sa itaas siya'y tumutunghay,
Ang lupa at langit kanyang minamasdan.

Mula sa alabok ang mga mahirap,
Sa pagkalugami ay itinataas.
Sa mga prinsipe ay isinasama,
Nagiging prinsipe ang mga lingkod n'ya.
Ang babaing baog pinagpapala n'ya
Pinapag-aanak para lumigaya.
Purihin ang PANGINOON!

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 1: Mula sa pagsikat hanggang sa paglubog ng araw, ang ngalan ng Panginoon ay papupurihan.

Antipona 2: Aking hahawakan ang kalis ng kaligtasan, at tatawagin ang ngalan ng Panginoon

Salmo 116:10-19

(Pagpapasalamat sa Templo)

Laging buhay ang pag-asa, patuloy ang pananalig,
Bagama't ang aking sabi'y, "Ako'y ganap nang nalupig."
Bagama't ako'y takot, nasasabi ko kung minsan,
"Wala kahit isang tao na dapat pagtiwalaan."

Sa Diyos ko't PANGINOON, anong aking ihahandog,
Sa lahat ng kabutihan na sa akin ay kaloob?
Ang handog ko sa dambana, ay inumin na masarap,
Bilang aking pagkilala sa ginawang pagliligtas.

Sa tuwinang magtitipon ang lahat ng kanyang hirang,
Ang anumang pangako ko, ay doon ko ibibigay.
Masakit sa kalooban ng PANGINOON kung may papanaw,
Kahit ito ay iisa, labis siyang magdaramdam.

PANGINOON, naririto akong inyong abang lingkod,
Katulad ng aking ina, maglilingkod akong lubos;
Yamang ako'y iniligtas, kinalinga at tinubos.
Ako ngayo'y maghahandog ng haing pasasalamat,
Ang handog kong panalangi'y sa iyo ko ilalagak.

Kapag nagsasama-sama ang lahat ng iyong hirang,
Sa templo sa Jerusalem, ay doon ko ibibigay
Ang anumang pangako kong sa iyo ay binitiwan.

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 2: Aking hahawakan ang kalis ng kaligtasan, at tatawagin ang ngalan ng Panginoon.

Antipona 3: Nagpakababa ang Panginoong Hesus, at siya'y itinampok ng Diyos.

Awit: FiIipos 2:6-11

(Si Kristo, ang Banal na Lingkod ng Diyos)

Bagama't siya'y Diyos,
Hindi nagpilit si Hesus
Na manatiling kapantay ng Diyos,

Bagkus hinubad niya ang lahat ng katangian ng pagka-Diyos.
Nagkatawang-tao at namuhay na isang alipin.

Nang maging tao siya'y nagpakababa
At naging masunurin hanggang kamatayan,
Oo, hanggang kamatayan sa krus.

Kaya naman, siya'y itinampok ng Diyos,
At binigyan ng pangalang higit sa lahat ng pangalan.

Anupa't ang lahat ng nilalang na nasa langit,
Nasa lupa, at nasa ilalim ng lupa,
Ay maninikluhod at sasamba sa kanya.
At ipahahayag ng lahat na si HESUKRISTO ANG PANGINOON,
Sa ikararangal ng Diyos Ama.

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 3: Nagpakababa ang Panginoong Hesus, at siya'y itinampok ng Diyos.

MAIKLING PAGBASA NG SALITA NG DIYOS *(Hebreo 13:20-21)*

Ang Diyos na pinagmumulan ng kapayapaan ang siyang muling bumuhay sa ating Panginoong Hesus na naging Dakilang Pastol ng mga tupa dahil sa kanyang dugo na nagpatibay sa walang hanggang tipan. Nawa'y ipagkaloob niya sa inyo ang lahat ng kailangan ninyo upang maisagawa ang kanyang kalooban, at sa pamamagitan ni Hesukristo ay gawin niya sa atin ang nakalulugod sa kanya. Papurihan nawa si Kristo magpakailanman! Amen.

TUGUNAN

Panginoon, puso nami'y tigib ng paghanga habang pinagninilayan ang iyong mga gawa.
— Panginoon, puso nami'y tigib ng paghanga habang pinagninilayan ang iyong mga gawa.

Pinupuri namin ang karunungang sa kanila'y lumikha,
— habang pinagninilayan ang iyong mga gawa.

Papuri sa Ama, at sa Anak at sa Espiritu Santo.
— **P**anginoon, puso nami'y tigib ng paghanga habang pinagninilayan ang iyong mga gawa.

PAPURING AWIT NI MARIA

Antipona: Nangaral si Hesus ng Mabuting Balita tungkol sa paghahari ng Diyos at nagpagaling ng mga may karamdaman.

Ang puso ko'y nagpupuri sa Panginoon,
At nagagalak ang aking espiritu dahil sa Diyos na aking tagapagligtas.
Sapagka't nilingap niya ang kanyang abang lingkod!

At mula ngayon, ako' y tatawaging mapalad ng lahat ng salinlahi,
Dahil sa mga dakilang bagay na ginawa sa akin ng Makapangyarihan
Banal ang kanyang pangalan!

Kinahahabagan niya ang mga may takot sa kanya,
Sa lahat ng sali't saling lahi.

Ipinakita niya ang lakas ng kanyang mga bisig,
Pinangalat niya ang mga palalo ang isipan.

Ibinagsak niya ang mga hari mula sa kanilang trono,
At itinaas ang mga nasa abang kalagayan.

Binusog niya ng mabubuting bagay ang mga nagugutom,
At pinalayas niyang wala ni anuman ang mayayaman.

Tinulungan niya ang kanyang bayang Istael,
Bilang pagtupad sa pangako niya saating mga magulang,
Kay Abraham at sa kanyang lahi, magpakailanman!

(Dadasalin ang Papuri at uulitin ang Antipona)

PANGKALAHATANG PANALANGIN

Si Kristo'y nahahabag sa mga nagugutom, gumawa sa kanila ng himalang tigib ng pagmamahal. Sa alaalang ito, dumalangin tayo:

Panginoon, ipadama sa amin ang iyong pagmamahal.

Panginoon, natatalos naming ang lahat ng mga biyayang aming natanggap ngayon ay nagmula sa iyong kabutihan,
— tulutan mong ito'y magbunga at huwag hayaang mawalan ng saysay.

Liwanag at kaligtasan ng lahat ng bansa, pangalagaan mo ang mga misyonero na isinugo mo sa buong mundo,
— papagningasin sa kanila ang alab ng iyong Espiritu.

Tulungan mo kami na hubugin ang daigdig ayon sa makataong dangal.
— at makatugon nang matapat sa kasalukuyang pangangailangan.

Tagapagpagaling ng aming kaluluwa at katawan, aluin mo ang maysakit at samahan ang nag-aagaw-buhay,
— sa iyong awa, kami'y dalawin mo at bigyan ng kalakasan.

Mapabilang nawa ang mga yumao sa piling ng mga banal,
— na nakatala sa Aklat ng Buhay ang mga pangalan.

AMA NAMIN

PANGWAKAS NG PANALANGIN

**Ama naming makapangyarihan,
gabayan ang iyong pag-ibig na sumasaamin,
upang sa ngalan ng iyong Anak na Banal,
ang aming mga gawain ay magdulot ng kapayapaan
at pagkakaisa sa buong sangkatauhan,
Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
Amen.**

PAGHAYO

(Kung may pari o diacono)

Sumainyo ang Panginoon
at sumaiyo rin.

Pagpalain kayo ng Makapangyarihang Diyos Ama, Anak at Espiritu Santo.
Amen.

(Kung walang pari o diacono)

**Pagpalain nawa tayo ng Panginoon, iligtas tayo mula sa lahat ng kasamaan
at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.**
Amen.

Panalanging sa Gabi

PASIMULA

O Diyos, halina at ako'y tulungan.
O Panginoon, magmadali ka sa iyong pagdamay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

AWIT

Pinupuri ka namin dahil sa 'yong kalinga,
Dakila naming Amang puspos ng pagpapala,
Kaloob sa ami'y pag-ibig na mahiwaga,
Na kahit na sa paghimlay ay nagtitiwala.

Sa pagsapit ng dilim, panatag na hihimlay
Upang panibaguhin ang lakas na 'yong bigay.
Ang hanapin nawang lagi'y ang ganap mong buhay,
Tiyak na makakamtan, biyayang kaligtasan.

Antipona 1: Panginoon, kami'y kaawaan at dinggin ang aming dasal.

Salmo 4
(Pasasalamat)

Sagutin mo ako sa aking pagtawag,
PANGINOONG Diyos na aking kalasag;
Ikaw na humango sa dusa ko't hirap,
Ngayo'y pakinggan mo, sa aki'y mahabag.

Hanggang kailan pa kaya lilibakin
Niyong mga tao ang iyong alipin?
Hanggang kailan pa nila iibigin
Ang walang halaga't pagsisinungaling?

Dapat mapagkuro ninyo at malaman
Na mahal ng PANGINOON akong kanyang hirang,
Dinirinig niya sa pananawagan.

Nagagalit ka man, sala ay iwasan,

Sa loob ng silid ikaw ay magnilay;
Ihandog sa PANGINOON, yaong wastong alay,
Ang pagtitiwala sa kanya ibigay.

Ang marami niya'y yaong nagsasabi:
"Masaganang biyaya ay buhusan kami,
At pagkalooban ng habag mo, PANGINOON!"

O Diyos, ang ligayang bigay mo sa akin,
Higit na di hamak sa galak na angkin,
Nilang may maraming imbak na pagkain
At iniingatang alak na inumin.

Sa aking paghimlay, ako'y mapayapa,
Pagkat ikaw, PANGINOON, ang nangangalaga.

(Papuri sa Ama at...)

Antipona 1: Panginoon, kami'y kaawaan at dinggin ang aming dasal.

Antipona 2: Sa katahimikan ng gabi, awitan ang Diyos ng papuri.

Salmo 134

(Panalangin sa Takipsilim sa Templo)

Lumapit sa PANGINOON, at kayo'y magpuri,
Kayong naglilingkod sa templo, kung gabi.
Sa loob ng templo siya'y papurihan
Kayo'y dumalangin na taas ang kamay.

Nawa'y pagpalain kayo ng Lumikha,
Ng Diyos na lumikha ng langit at lupa;
Magmula sa Sion, tanggapin ang pala.

(Papuri sa Ama at...)

Antipona 2: Sa katahimikan ng gabi, awitan ang Diyos ng papuri.

PAGBASA NG SALITA NG DIYOS *(Deuteronomio 6:4-7)*

Dinggin ninyo mga Israelita: Ang Panginoon lamang ang Diyos. Ibigin ninyo siya nang buong puso, kaluluwa at lakas. Ang mga utos niya ang itanim ninyo sa inyong isip. Ituro ninyo ito sa inyong mga anak; sa loob at sa labas ng inyong tahanan, sa oras ng paggawa at pamamahinga, sa lahat ng lugar at sa lahat ng panahon..

TUGUNAN

Sa iyong mga kamay, Panginoon, inihahabilin ko ang aking kaluluwa.
— Sa iyong mga kamay, Panginoon, inihahabilin ko ang aking kaluluwa.

Tinubos mo kami, Panginoong Diyos ng katotohanan,
— inihahabilin ko ang aking kaluluwa.

Papuri sa Ama at sa Anak, at sa Espiritu Santo.
— Sa iyong mga kamay, Panginoon, inihahabilin ko ang aking kaluluwa.

PAPURING AWIT NG EBANGHELYO

Antipona: Habang kami'y gising, Panginoon, kami ay ingatan; bantayan kami habang kami'y nahihimlay; upang sa paggising, manatili kaming kasama ni Kristong nagbabantay, at sa pagtulog, makapahinga kami sa kanyang kapayapaan (aleluya).

Kunin mo na, Panginoon ang iyong abang alipin,
Ayon sa iyong ipinangako:

Yamang nakita na ng aking mga mata ang iyong pagliligtas,
Na inihanda mo para sa lahat ng bansa:

Liwanag itong tatanglaw sa mga Hentil,
At magbibigay karangalan sa iyong bayang Israel.

PANGWAKAS NA PANALANGIN

Panginoon,
samahan kami ngayong gabing magdamag.
Sa pagdating ng araw,
makabangon nawa kami sa pagkahimlay,
upang magalak sa pagkabuhay ng iyong Kristo,
na nabubuhay at naghahari magpasawalang hanggan.
Amen.

PAGHAYO

Gawaran nawa tayo ng Makapangyarihang Diyos ng gabing panatag at mapayapang pagkahimlay.
— Amen.

AWIT O PANALANGIN NG PAPURI KAY MARIA

Aba Ginoong Maria, napupuno ka ng grasya.
Ang Panginoong Diyos ay sumasaiyo.
Bukod kang pinagpala sa babaeng lahat
At pinagpala naman ang iyong Anak na si Hesus.

Santa Maria, Ina ng Diyos,
Ipanalangin mo kaming makasalanan
Ngayon at kung kami'y mamamatay.
Amen.